Madali lang ang pagre-recycle

Ang **Konseho ng Auckland** ay nagtatakda ng pangongolekta ng mga ire-recycle sa halos lahat ng lugar. Magkakaiba ang pagre-recycle depende sa kung saan kayo nakatira.

Ang mga gamit nang materyales ay nagiging mga bagong produkto sa pamamagitan ng **pagre-recycle**.

Napangangalagaan ng **pagre-recycle** ang mga likas na kayamanan at nakatitipid sa enerhiya, nakatutulong na pangalagaan ang ating kapaligiran.

Maaari ninyong i-recycle ang mga lalagyan mula sa kusina, banyo at labahan:

- mga plastik na bote at sisidlan
- mga kristal na bote at garapon
- mga lata at sisidlang lata
- papel at karton.

Huwag maglalagay ng mga plastik na supot, damit, mga tirang pagkain o basura mula sa halamanan sa inyong recycling bin.

Kinokolekta ang mga ire-recycle tuwing dalawang linggo. Suriin ang inyong kalendaryo o gamitin ang collection day search (o paghahanap ukol sa araw ng koleksiyon) sa **makethemostofwaste.co.nz**



Suriin ang sticker sa loob ng takip ng inyong recycling bin at gamitin ang recycling search (o paghahanap ukol sa pagre-recycle) sa **makethemostofwaste.co.nz**

Auckland Council
Te Kaunihera o Tāmaki Makaurau

Tagalog

Oo, paki

Ang mga aytem na ito ay maaaring ilagay sa ire-recycle

- mga plastik na bote
- mga plastik na bote mula sa banyo at labahan
- mga plastik na sisidlan
- malilinaw na plastik na sisidlan ng pagkain
- mga koreo at sobreng patalastas
- mga karton ng itlog
- mga pahayagan at magasin
- mga balutang papel at karton
- mga kristal na bote at garapon
- mga latang aluminyo
- mga sisidlang asero at lata
- mga basyong aerosol

Hindi, salamat

Ang mga aytem na ito ay hindi maaaring ilagay sa ire-recycle

- mga plastik na supot (puno o walang laman)
- mga basurang pagkain at halaman
- mapapanganib na basura at kemikal
- mga polystyrene na tray at balutan ng karne
- lahat ng uri ng baterya
- mga nappy o lampin ng bata
- damit, sapatos at tela
- salamin ng bintana, salaminan at mga tubo ng ilaw
- gamit sa pagluluto, pyrex at mga basong inuman
- mga aytem na elektroniko at elektrikal
- mga basura mula sa konstruksiyon
- medikal

MAKE THE MOST OF WASTE .co.nz

Auckland Council
Te Kaunihera o Tāmaki Makaurau